



## *Buong Teksto*

### **ANG MGA PRINSIPE AT ANG ENKANTO NG TUBIG**

Nagsipagalisang sa palasyo ang Prinsipe ng Tala, Prinsipe ng Buwan, at Prinsipe ng Araw, matapos ang kanilang alitan kung sino nga ba ang tunay na tagapagmana ng trono. Sa kanilang paglalakbay may nakilala silang isang Engkanto ng Tubig na sya naman dinakip ang Prinsipe ng Buwan at Prinsipe ng Araw. Pinapipili ngayon ng Engkanto kung sino sa dalawa ang ililigtas ng Prinsipe ng Tala. Sino kaya ang pipiling iligtas ng Prinsipe ng Tala?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino. “Ang Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig” isinalin sa Filipino ni Claudette M. Ulit, PHD at babasahin satin ni Andrea Anne I. Trinidad.

Noong unang panahon, may isang hari na may tatlong anak. Kilala ang panganay bilang ang Prinsipe Bituin, ang ikalawa bilang ang Prinsipe Buwan, at ang bunso bilang ang Prinsipe Araw. Anak ng Hari mula sa kaniyang unang asawa ang unang dalawa, at ang bunso ay anak niya sa ikalawang asawa. Nang ipinanganak ang ikatlong prinsipe, nangako ang Hari sa ikalawang reyna na ipagkakaloob sa kaniya ang anumang hilingin niya.

Tinandaan ito ng reyna at naghintay ng pinakamainam na pagkakataon upang maisakatuparan ang kaniyang mga kahilingan. Nang lumaki na ang bunsong anak, hiningi na niya sa Hari ang ipinangako nito. Nais niyang ibigay ng Hari sa bunsong prinsipe ang pamamahala sa kaharian. Hindi pumayag ang Hari, sinabing, “Mahal, ang kaharian ay dapat na mapasakamay ng panganay na prinsipe, at hindi kailaman ng pinakabunso. Pakiusap na humiling ka na lamang ng iba.” Nagalit ang reyna at inakusahan ang Hari na walang isang salita.

Nabahala ang Hari sa kung paano nanggagalaiti sa galit ang ikalawang reyna. Naisip niyang baka tangkaing saktan ng reyna ang nakatatandang mga prinsipe upang maging hari ang kaniyang anak. Kaya, ipinatawag niya ang kaniyang nakatatandang mga anak at sinabihang magpakalayo at manirahan sa gubat. Binilinan niya ang mga anak na bumalik sa siyudad at simulang pamunuan ito. Mabigat sa kalooban siyang nagpaalam sa kaniyang mga anak at pinahayo na ang mga ito.

Habang papalabas na sila sa palasyo, matapos magpaalam sa kanilang ama, tinawag sila ng Prinsipe Araw, “Saan kayo pupunta?” At nang malaman nito kung saan sila tutungo at ang dahilan sa kanilang paglisan, sinabi niya, “Sasama ako sa inyo, aking mga kapatid.”

Nang marating na nila ang pusod ng gubat, naupo sila malapit sa isang lawa upang magpahinga. Inutusan ng panganay na prinsipe ang bunsong prinsipe na sumalok ng tubig sa lawa para sa kanila.

Kasalukuyang naipagkaloob na ng Hari ng mga Diwata ang lawang ito sa isang engkanto ng tubig. Sinabi ng Haring Diwata sa engkanto ng tubig, “Mapapasailalim sa iyong kapangyarihan ang lahat ng lulusong sa tubig, maliban sa mga taong makapagbibigay ng tamang sagot sa isang katanungan. Ang makasasagot nang tama ay hindi mapapasailalim sa iyong kapangyarihan. Ang tanong ay, ‘Ano ang katulad ng Mabubuting Diwata?’”

Nang magtungo ang Prinsipe Araw sa lawa upang kumuha ng tubig, nagpakita sa kaniya ang engkanto ng tubig at sinabing,

“O Prinsipe, makakakuha ka lamang ng tubig sa aking lawa kung masasagot mo nang tama ang aking katanungan.”

Sinabi ng Prinsipe Araw, “Sige, susubukan kong sagutin ang iyong katanungan sa abot ng aking makakaya.”

Tinanong ng engkanto ng tubig ang prinsipe, “Ano ang katulad ng mabubuting diwata?”

Sumagot ang Prinsipe Araw, “Katulad sila ng araw at ng buwan.”

Hindi nagustuhan ng engkanto ng tubig ang kaniyang sagot at sumigaw, “Hindi, hindi iyan totoo! Ngayon, kailangan mong sumama sa akin at maging aking alipin.” Pagkasabi nito, isinama niya ang prinsipe sa kaniyang yungib na nasa ilalim ng tubig.

Nang matagal nang hindi bumabalik ang Prinsipe Araw, pinapuntahan at ipinahanap siya ng panganay na prinsipe kay Prinsipe Buwan. Nang malapit na siya sa lawa, nagpakita sa kaniya ang engkanto ng tubig at tinanong siya ng katulad na tanong, “Ano ang katulad ng mabubuting diwata?”

Tumugon ang Prinsipe Buwan, “Aba, katulad sila ng kalangitang nasa itaas.”

Sinabi ng engkanto ng tubig, “Hindi, mali ang sagot na iyan!” At pagkasabi nito, isinama rin niya ang Prinsipe Buwan sa kaniyang yungib.

At sa wakas, nagpasiya ang panganay na prinsipe na hanapin ang kaniyang mga kapatid. Nang marating niya ang lawa, nakita niya roon ang engkanto ng tubig. Naunawaan niyang tiyak na ito ang bumihag sa kaniyang mga kapatid.

Tinawag ng prinsipe ang engkanto at sinabing, “O engkanto ng tubig, binihag mo ba ang aking mga kapatid?”

Sumagot ito, “Ah oo, kailangan ko silang bihagin dahil nabigo silang sagutin ang aking tanong. Sa akin ang lawang ito at pinapayagan ko lamang na kumuha ng tubig dito ang sinumang makasagot nang tama sa aking tanong. Kailangang sumama sa akin ang mga hindi nakasagot at maging aking mga alipin.”

Sinabi ng Prinsipe Bituin, “Sasagutin ko ang iyong mga tanong. At kung tama ako, mangako ka sa akin na pakakawalan mo ang aking mga kapatid.”

Tumugon ang engkanto ng tubig, “Makikita natin! Ang tanong ko sa iyo ay, ano ang katulad ng mabubuting diwata?”

Sumagot ang Prinsipe Bituin, “Dalisay ang kanilang puso, na natatakot magkasala. Mababait sila at mabubuti sa salita at gawa.”

“O Matalinong Prinsipe, ibabalik ko ang isa sa iyong mga kapatid. Sino sa kanila ang aking ibabalik?” sabi ng engkanto ng tubig.

“Tbalik mo sa akin ang nakababata,” sagot ng prinsipe. “Kahit na kapatid ko lamang siya sa ama, mahal na mahal ko siya tulad ng aking tunay na kapatid. Kung hihilingin kong ibalik ang sarili kong kapatid, hindi ito magiging makatarungan para sa ikalawang reyna. Buhay ang isa sa mga anak ng unang reyna, ako iyon, kaya’t marapat lamang na buhay ng anak ng ikalawang reyna ang mailigtas. Bukod pa roon, kung babalik ako sa kaharian nang hindi kasama ang aking bunsong kapatid, aakalain ng mga tao na pinatay ko siya. Walang maniniwala na binihag siya ng isang engkanto ng tubig.”

“O Matalinong Prinsipe, alam mo ang nararapat gawin ng isang mabuti at ikaw ay mabuti.

Palalayain ko ang dalawa mong kapatid,” sabi ng engkanto ng tubig.

Matapos ito, sama-samang nanirahan sa gubat ang tatlong prinsipeng hanggang sa mamatay ang hari. At pagkaraa’y nagbalik sila sa palasyo. Iniluklok bilang hari ang panganay at kasama niyang namuno ang kaniyang mga kapatid.

\*\*\*

### **Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye**

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punong Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuáng Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Estelle Marie M. Ladrido, PhD Ricardo G Abad, PhD	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Senanda Gomez	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Noriel Mendoza Vanessa Reventar	<i>Logistical Support</i>

Fran Alvarez *Illustrator*

Lazir Caluya  
Vanessa Reventar *Brand Developers*

Dreamlist Digital *Web developers*

## **Embassy of India in Manila, Philippines**

Shambhu S. Kumaran *Ambassador of India to the Philippines*

Vishwanjali M Gaikwad *Second Secretary (Press, Information, and Culture)*

Michael James Mangaring *Assistant*

## **Ateneo de Manila University Loyola Schools**

### **Kagawaran ng Filipino**

Michael M Coroza, PhD  
Mark Benedict F Lim  
Claudette M Ulit, PhD *Translators*

Michael M Coroza, PhD *Translation Editor*

Anna Trisha Monica O Abeleda  
Ariel A Diccion  
Jomar I Empaynado  
Carlota B Francisco  
John Carlo S Gloria  
Sharmaine V Hernandez  
Yolando B Jamendang, Jr  
Glenda C Oris  
Jerry C Respeto, PhD  
Corazon L Santos, PhD  
Jethro Niño P Tenorio  
Andrea Anne I Trinidad *Readers*